Technology Responsible Use Form
(Form sa Responsableng Paggamit ng Teknolohiya)

(para sa mga digital device, serbisyo sa network, at internet na pagmamay-ari at pinapahiram ng Hawaii State Department of Education para sa mga mag-aaral nito)

Dapat suriin ng bawat mag-aaral at kanyang (mga) magulang/tagapag-alaga ("magulang" o "mga magulang") ang *Technology Responsible Use Guidelines (Mga Alituntunin sa Responsableng Paggamit ng Teknolohiya) para sa mga digital device, serbisyo sa network, at internet na pagmamay-ari at pinapahiram ng Hawaii State Department of Education para sa mga mag-aaral nito,* na kilala *bilang* "Technology Responsible Use Guidelines" o "TRUG", at lagdaan ang "Technology Responsible Use Form (Form sa Responsableng Paggamit ng Teknolohiya)" o "TRUF" na ito para sa pag-access sa mga serbisyo sa digital device, serbisyo sa network, at internet, kabilang ang mga online na pang-edukasyon na serbisyo.

MGA MAG-AARAL na gagamit ng mga digital device, serbisyo sa network, at internet na pagmamay-ari at pinapahiram ng Hawaii State Department of Education (HIDOE):

- Nabasa ko ang Technology Responsible Use Guidelines (*RS 17-0051*) sa hiwalay na dokumento at sumasang-ayon ako rito, at susundin ko ang mga tuntunin/alituntunin na inilalahad dito, at ayon sa maaaring maging pagbabago nito sa hinaharap.

Bilang MAGULANG, sumasang-ayon ako na:

- Mayroon akong pananagutan sa pagsubaybay sa paggamit ng aking anak sa mga digital device na pagmamay-ari o pinapahiram ng HIDOE sa labas ng pagmamay-ari/paaralan ng HIDOE.
- Maaaring pigilan ng HIDOE ang access ng mga mag-aaral sa ilang partikular na materyal na hindi kinakailangan para sa mga edukasyonal na layunin; gayunpaman, nauunawaan ko ring imposibleng paghigpitan ng HIDOE ang access sa lahat ng kontrobersyal at hindi naaangkop na materyal. Samakatuwid, ituturing kong walang kasalanan ang HIDOE at ang mga empleyado nito sa anumang dahilan ng pagkilos na nauugnay sa pagkakaroon ng access ng aking anak sa mga materyal o software na maaaring ituring na hindi naaangkop.
- Natalakay ko ang TRUG sa aking anak at, samakatuwid:
  - Kung available sa paaralan, sumasang-ayon akong magtalaga sa aking anak ng isang digital device na pagmamay-ari o pinapahiram ng HIDOE;
  - Sumasang-ayon ako na mabigyan ng access ang aking anak sa mga serbisyo sa internet/network ng HIDOE; at
  - Sumasang-ayon ako na mabigyan ng access ang aking anak sa online na pang-edukasyon na serbisyo na inihahatid ng paaralan.
- Nauunawaan ko na ang lahat ng software na ilo-load sa device sa pagbibigay sa nakatalagang mag-aaral ay pagmamay-ari ng HIDOE. Hindi pinapahintulutan ang pagkopya ng software na ito sa iba pang device at maaaring lumabag ito sa mga batas sa copyright. Hindi maaaring mag-download o mag-install ang mga mag-aaral/magulang ng anumang software sa device na ito maliban sa mga printer driver para sa pagpi-print sa bahay o software na partikular sa pag-access sa isang home network.
- Sa pamamagitan ng paglagda sa ibaba, ako, sa pagsasaalang-alang na naglalaan sa aking anak ang HIDOE ng access sa network at Internet ng HIDOE, ay sumasang-ayon na magbayad-pinsala sa HIDOE para sa anumang pagkawala, paggastos, o pagkasira (kabilang ang mga makatuwirang bayarin sa abugado) na gagastusin ng HIDOE na nauugnay sa, o dahil sa, anumang hindi pagsunod sa mga panuntunan na ito o iba pang panuntunan ng HIDOE ng isang mag-aaral sa paggamit ng mga digital device, Network, at Internet na pagmamay-ari o pinapahiram ng HIDOE. Pananagutan ko ang anumang mga pagkasira sa mga digital device na pagmamay-ari o pinapahiram ng HIDOE habang ginagamit ito ng mag-aaral, kabilang ang pagbabayad para pagpapakumpuni.
- Walang pananagutan ang HIDOE para sa anumang hindi pinapahintulutang pagsingil o bayarin, kabilang ang mga bayarin sa telepono, singil sa long-distance na tawag, kada minutong surcharge, at/o gastusin ng equipment on-line. Ang pag-access at paggamit ng ordinaryong internet at network ay hindi makakaipon ng naturang mga singil. Ang anumang naturang singil ay pananagutan ng magulang na nakalagda sa ibaba.

May bisa ang TRUF na ito para sa mag-aaral habang pumapasok sa _____, maliban kung ipinawalang-bisa ng magulang o nirebisa ang TRUG.
(pangalan ng paaralan)

Lagda ng Mag-aaral	**Naka-print na Pangalan at Student ID#**	**Petsa**
Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga	**Naka-print na Pangalan**	**Petsa**
Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga	**Naka-print na Pangalan**	**Petsa**